Kontak: Kassie McKnight-Xi
Mcknight-xi.k@portseattle.org

Para sa Agarang Pag-release
Marso 3, 2025

# $2 Milyong Oportunidad sa Ekonomiya Available sa pamamagitan ng South King County Community Impact Fund

*Bukas ang panahon ng pagpapatupad hanggang Abril 10, 2025*

**SEATTLE –**Ang South King County Community Impact Fund (SKCCIF) Economic Opportunities for Communities (EOC) Program ng Port of Seattle ay tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon mula sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang pataasin ang mga oportunidad sa ekonomiya sa mga komunidad na kulang sa representasyon na nakapalibot sa Seattle-Tacoma International Airport (SEA) at South King County, Duwamish Valley, at Beacon Hill.

Nasa kabuuang $2 milyon ang available sa cycle na ito. Maaaring mag-aplay ang mga organisasyon ng hanggang $115,000 para sa isang taon ng pagpopondo at $100,000 hanggang $275,000 para sa multiyear (hanggang 3 taon) na pagpopondo. Bukas ang aplikasyon hanggang Abril 10, 2025. Kwalipikadong mag-aplay ang mga organisasyong nakabatay sa komunidad na may 501(c)3, 501(c)6 o fiscal sponsor na may 501(c)3 o 501(c)6.

**Pag-unlad ng mga Oportunidad sa Ekonomiya para sa Programa ng mga Komunidad**
Ang Economic Opportunities for Communities (EOC) Program, na dating Economic Recovery Program, ay iniuugnay ang mga komunidad na kulang sa representasyon sa South King County sa mga pagkakataon sa mga hanapbuhay at mga karera sa mga industriyang nauugnay sa Port. Sinusuportahan ng pagpopondo ang mga programa at serbisyo sa paghahanda sa karera na pinangungunahan ng komunidad na lumilikha ng kamalayan at access sa susunod na henerasyon ng mga propesyonal na makapasok sa workforce sa aviation, kalakalan ng pagtatayo, mga green job, at maritime.

“Ang pagkakataong ito ay lumilikha ng access sa mga pondo ng Port para sa mga komunidad na nahaharap sa mga pagkakaiba-iba sa kapaligiran at ekonomiya, kung saan marami sa mga ito ay hindi pa nakatanggap ng suporta sa pagpopondo mula sa amin dati.,” **ayon kay Port of Seattle Commission President Toshiko Hasegawa.** “Wala pang nakakapagbigay ng $14 milyong investment sa mga komunidad na nababalot ng mga isyu at nangunguna sa mag solusyon.”

Noong 2020, itinatag ang Economic Recovery Program upang matulungan ang mga komunidad na makabangon mula sa malulubhang epekto sa ekonomiya ng COVID-19 pandemic. Sa 2025, sa pamamagitan ng mga sesyon sa pakikinig sa komunidad, feedback ng partner, at paggamit sa Equity Index, umunlad ang Economic Recovery Program sa EOC Program, na sa

pagkakataong ito ay nakatuon sa mga pondo upang isulong ang mga oportunidad sa ekonomiya sa halip na sa pagbangon.

“Kinakatawan ng $2 milyon na programang ito ang aming patuloy na dedikasyon sa pagpapalawak ng mga landas patungo sa mga trabahong sumusuporta sa pamilya na may magandang suweldo,” ayon kay Port of Seattle Commissioner Hamdi Mohamed. “Sa pamamagitan ng pagpapalawak ng aming programa upang isama ang higit pang kapitbahayan na kulang sa representasyon sa kasaysayan sa South King County, Duwamish Valley, at Beacon Hill, tinitiyak namin na may access ang bawat komunidad sa pagsasanay at paghahanda sa karera sa mga lumalaking sektor tulad ng aviation, maritime, construction, at green economy. Kumikilos kami mula sa panandaliang pagbawi tungo sa pangmatagalang pagkakataon — na lumilikha ng mas matatag na rehiyon na binubuo ng mga manggagawa nang walang diskriminasyon."

Kasama sa iba pang mga pagbabago sa mga cycle ng pagpopondo sa 2025-2029 ang:

- Pagpapalawak ng heyograpikong rehiyon upang isama ang mga lugar ng South King County, Duwamish Valley, at Beacon Hill na tinutukoy ng Equity Index ng Port of Seattle bilang may mga pagkakaiba
- Patuloy na pagbibigay-priyoridad sa dedikasyon ng Port sa anim na lungsod na malapit sa paliparan at sa pagtukoy kung paanong makakatanggap ang mga aplikasyon para sa mga proyekto ng priyoridad na istado

**Mga koneksyon sa mga industriyang nauugnay sa port**

Dahil nauugnay sa lahat ng pangunahing sektor ng ekonomiya ng Washington at may koneksyon sa higit sa 500 employer na nagpapatakbo sa mga pasilidad nito, natatangi ang posisyon ng Port upang lumikha ng mga pagkakataon patungo sa mga trabahong may malalaking suweldo na isang malaking benepisyo sa mga komunidad na pinakaapektado ng mga operasyon sa Port. Mahalaga ang mga investment sa pagpapaunlad ng mga manggagawa dahil maraming industriyang nauugnay sa port ang may mga kakulangan sa kawani. Makakatulong ang mga programa sa paghahanda sa karera na pinamumunuan ng komunidad upang makakuha ang mga kalahok ng exposure, kasanayan, karanasan, at pagsasanay na kailangan para makakuha ng mas kumplikado at mga hanapbuhay na nakasusuporta ng pamilya sa mga industriyang ito.

"Gumagawa ang ConstructDiversity ng mga makabuluhang hakbang sa pagbabago ng landscape ng industriya ng pagtatayo. Hindi lamang nagbubukas ng mga pagkakataon ang aming programa; nag-uugnay ito tungo sa napapanatiling mga karera para sa mga kabataang kulang sa representasyon sa South King County,” **ayon kay ConstructDiversity Vice Chair at board member Rodell Razor**. “Sa pamamagitan ng pagbibigay ng pantay na access, mentorship, at hands-on na karanasan, nakikita namin ang tiyak na mga resulta sa pag-unlad ng pagkakaiba-iba sa loob ng pagtatayo at mga nauugnay na larangan. Higit pa sa mga

Kontak: Kassie McKnight-Xi
Mcknight-xi.k@portseattle.org

indibidwal na kwento ng tagumpay ang epekto – pinapaunlad namin ang walang diskriminasyon na kultura ng industriya na nakabubuti sa mga kumpanya, komunidad, at mas malawak na ekonomiya. Habang patuloy kaming lumalaki, hindi lang ka nagbabago ng buhay; binabago namin ang hinaharap ng pagtatayo."

**2025 proseso ng aplikasyon**

Mayroon ka bang proyekto na may mga resultang nauugnay sa pag-unlad ng mga manggagawa at paghahanda sa karera sa mga industriyang nauugnay sa port? May karanasan at tiwala din ba ang iyong organisasyon sa pakikipagtulungan sa mga miyembro ng mga komunidad na kulang sa representasyon sa kasaysayan?

Bisitahin ang EOC website para:

- Kunin ang SKCCIF EOC Self-Assessment upang matukoy kung ang iyong organisasyon at panukala sa proyekto ay angkop sa pagpopondong ito
- Alamin ang higit pa tungkol sa proseso ng aplikasyon, mga materyales sa panukala, at mga naunang iginawad na proyekto
- **Mag-aplay para sa Economic Opportunities for Communities Funding**
- Mag-sign up para sa mga update sa email

**Tungkol sa South King County Community Impact Fund (SKCCIF)**

Itinatag ng Port ang SKCCIF noong 2019 upang bumuo ng mga pakikipag-partner na nakabatay sa katarungan at magbigay ng mga mapagkukunan at suporta sa mga komunidad na malapit sa paliparan na hindi kulang sa representasyon at magkakaiba ang etniko at kultura. Mula 2020 hanggang 2024, inilunsad ng SKCCIF ang apat na cycle ng Economic Recovery (ngayon ay Economic Opportunities for Communities) at Environmental Grants (ngayon ay Environmental Improvement) na mga programa upang pondohana ng mga proyektong pinamumunuan ng komunidad na nagbubukas ng daan sa pagsasanay at mga trabahong may malaking sweldo, at pondohan ang mga pagpapaunlad sa kapaligiran. Mula nang simulan ang pondo, mahigit 50 organisasyon ang nakatanggap ng kabuuang $9.25 milyon, na pinopondohan ang mahigit 80 proyekto.

Noong 2024, muling inawtorisahan ng Port of Seattle Commission ang $14 milyon upang ipagpatulog ang mga proyektong pinamumunuan ng komunidad ng SKCCIF na nagsusulong sa equity, mga pagpapaunlad sa kapaligiran, at access sa mga trabaho at karera sa mga industriyang nauugnay sa port. Pinagtibay ng SKCCIF ang mga ugnayan ng Port sa mga pangunahing miyembro ng komunidad at organisasyong naglilingkod sa mga komunidad na iyon.

Kontak: Kassie McKnight-Xi
Mcknight-xi.k@portseattle.org

###

**Tungkol sa Port of Seattle**
*Itinatag noong 1911 gamit ang boto ng mga tao bilang isang espesyal na layunin ng gobyerno, ang misyon ng Port of Seattle ay itaguyod ang mga oportunidad sa ekonomiya at kalidad ng buhay sa rehiyon sa pamamagitan ng pagsusulong ng kalakalan, paglalakbay, komersiyo, at paggawa ng trabaho sa patas, may pananagutan na paraan, at paraang responsable sa kapaligiran.*

*Pinagmamay-ari at pinapatakbo ng Port ang Seattle-Tacoma International Airport (SEA), Fishermen's Terminal — tahanan ng North Pacific fishing fleet — at mga pampublikong marina. Pag-aari din ng Port ang dalawang terminal ng cruise ship, isang grain terminal, mga real estate asset, at mga marine cargo terminal sa pamamagitan ng pakikipagsosyo nito sa Northwest Seaport Alliance.*

*Tumutulong din ang mga operasyon sa port na suportahan ang halos 200,000 trabaho at $7 bilyon sahod sa buong rehiyon. Sa susunod na 13 taon, nilalayon ng Port's Century Agenda na magbukas ng karagdagang 100,000 trabaho sa pamamagitan ng paglago ng ekonomiya habang magiging nangungunang green at matipid sa enerhiya na port ng bansa. Alamain ang higit pa sa website ng Port.*

---